



Bukas ang online na pagsasanay sa mga vendor ng fireworks

BRAMPTON, ON (Oktubre 7, 2021) – Ang proseso ng online na pagsasanay ng Brampton ay bukas at available para sa mga tagapagbenta na nagpaplanong magbenta ng mga fireworks para sa Diwali sa Nobyembre 4 at sa Bisperas ng Bagong Taon sa Disyembre 31. Ang kagayang pagsasanay ay ibinigay sa unang bahagi ng taon na ito para sa Victoria Day at Canada Day.

Mandatoryo ang pagsasanay at kompulsoryo ang pagtapos sa kursong ito bago mapahintulutan ang mga vendor na magbenta.

Para mag-register para sa kurso, ang mga vendor ay pwedeng tumawag sa Brampton Fire Prevention division sa 905.874.2740 o mag-email sa fire.prevention@brampton.ca at ang mga detalye ng kurso ay ipapadala sa email sa aplikante.

Dahil sa mga ginagawang pangkalusugan at pangkaligtasang paghihigpit para sa COVID-19, ihahatid sa online na pormat ang pagsasanay sa limang madaling hakbang:

1. Magsumite ng bayad para sa kurso na 2021 Fireworks Retailer at mag-aplay para sa [inspeksyon ng bombero](#)
2. Panoorin ang Video sa Pagsasanay sa Fireworks Retailer
3. Kumpletuhon ang Palatanungan sa Retailer ng Fireworks
4. Isumite ang licence application at bayad sa pagpa-register. Makipag-ugnayan sa licensing@brampton.ca para sa mga detalye.
5. Kunin nang personal ang 2021 Fireworks Retailer Licence mula sa City Hall. Iniiutos ang pagpapa-appointment bago bumisita sa City Hall at maaaring i-book sa www.brampton.ca/skiptheline.

Ang pagsasanay sa vendor ng fireworks ay sumasaklaw sa mga uri ng fireworks na pinapayagang ibenta, mga tuntunin sa pag-iimbak, pagdi-display at pagbebenta, mga rekisito na ID ng kostumer at mga pangkaligtasang gabay para ipamimigay sa mga mamimili.

Para sa mga vendor na may maraming mga lokasyon, kinakailangan ang kahit isang operator mula sa bawat lokasyon na kumpleluhin ang kurso. Kailangang isulat din ng mga vendor ang sumusunod na mga deadline para mag-aplay sa inspeksyon ng bombero, na pwedeng gagawin sa [online](#):

- Biyernes, Oktubre 15, 2021 para sa Diwali fireworks
- Biyernes, Disyembre 10, 2021 para sa fireworks sa Bisperas ng Bagong Taon

Ang ordinansa ng Lungsod ng Brampton sa Fireworks ay nagpapahintulot sa pagbebenta at personal na paggamit ng malapitang range na fireworks (na mga lumilipad nang mas mababa sa 3 metro o 10 piye kapag sinindahan) apat na beses sa isang taon - Victoria Day, Canada Day, Diwali at Bisperas ng Bagong Taon.

-30-

KONTAK NG MEDIA:

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca